Australian Government

Filipino


Paano naaapektuhan ng H5 bird flu ang ating mga ligaw na hayop (wildlife)

Ang H5 bird flu ay ang pinakamalalang uri ng trangkaso ng ibon. Ang maagang aksyon ay nakakatulong na mabawasan ang epekto sa ating mga ligaw na hayop at sa likas na kapaligiran.



Kung ang H5 bird flu ay mamalagi at lalago sa Australia


Maaari itong kumalat sa pagitan ng mga ibon at mga mamalya.



Maaari itong makaapekto sa mga ibon na palagi nating nakikita, na tulad ng mga ibong-dagat at mga sisne.



Ang ilang mga katutubong uri ng hayop ay maaaring malubhang maaapektuhan, lalo na kung nanganganib, na katulad ng mga Tasmanian devil at mga quoll.



Ang ilang populasyon ng mga ligaw na hayop ay maaaring **makabuluhang bababa**, na makakaapekto sa mga ekosistema at sa saribuhay (biodiversity).

Makakatulong ang lahat



Lagyan ng tali ang mga aso at ikulong ang mga pusa, lalo na kung malapit sa lugar ng ligaw na hayop.



Huwag hawakan o ilipat ang mga patay na ibon o iba pang ligaw na hayop.

Ipagbigay-alam ang mga pangkat ng mga may sakit o patay na ligaw na hayop.



Alamin ang karagdagan sa birdflu.gov.au o i-scan ang QR code.

Kung may mapapansin kang mga pangkat ng may sakit o patay na mga hayop, **IWASAN, ITALA** at **IPAGBIGAY-ALAM** sa Emergency Animal Disease hotline (Emerhensyang Hotline ng Sakit ng Hayop):

1800 675 888